# 146 *Ginawa Ninyo Iyon sa Akin*

## (Mateo 25:34-40)

1. Mga ibang tupa, kamanggagawa ng
pinahiran na kapatid ni Kristo.
Kaaliwa't tulong
para sa kanila
para kay Jesus dapat lang gantihan.

(*KORO*)
*"Pag-aliw at tulong n'yo sa kanila,*
*parang ginawa n'yo na rin sa akin.*
*Pagpapagal n'yo para sa kanila,*
*pagpapagal n'yo na rin sa akin.*
*Parang ginawa n'yo na rin sa akin."*

2. "Sa gutom at uhaw, inaliw n'yo ako,
nangailangan ako at nandiyan kayo."
Sila'y magtatanong,
"Kailan 'yon ginawa?"
Hari'y tutugon, sagot sa kanila:
(*Koro*)

3. "Matapat sa akin, nangangaral kayo,
mga kapatid ko, kasama ninyo."
Hari'y magsasabi
sa mga tupa niya:
"Lupa'y manahin, sakdal-buhay kamtin."
(*Koro*)

(Tingnan din ang Kaw. 19:17; Mat. 10:40-42; 2 Tim. 1:16, 17.)


© 2015 Watch Tower Bible and Tract Society of Pennsylvania